GABAY NA AKLAT NG

# SANGAY

GABAY NA AKLAT NG

# SANGAY

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

© 1997, 2001 ng Intellectual Reserve, Inc.
Ang lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 3/01
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 3/01
Pagsasalin ng *Branch Guidebook*
Tagalog

# Mga Nilalaman


| | |
|---|---|
| Ang Layunin ng Isang Sangay | 1 |
| Panguluhan ng Sangay | 3 |
| Pakikipanayam | 8 |
| Pagtawag sa mga Miyembro Upang Maglingkod sa mga Tungkulin sa Simbahan | 10 |
| Pagsang-ayon at Paghahalili | 11 |
| Pagtatalaga ng mga Miyembro sa mga Tungkulin | 13 |
| Mga Ordenansa at Pagbabasbas | 14 |
| Mga Responsibilidad ng Miyembro | 15 |
| Mga Pulong | 16 |
| Mga Lugar na Pagdarausan ng Pulong | 22 |
| Mga Materyal na Mapagkukunan | 23 |
| Mga Aktibidad | 25 |
| Musika | 26 |
| Mga Talaan at Ulat | 27 |
| Pananalapi | 28 |
| Pagsasanay sa mga Pinuno | 29 |
| Pagkuha ng mga Materyal ng Simbahan at Paghahanap ng Impormasyon sa Kasaysayan ng Mag-anak | 30 |


## Pamamahagi

Ang *Gabay na Aklat ng Sangay* ay para sa mga pinuno ng sangay na bago at limitado ang karanasan sa Simbahan. Mapakikinabangan din ito ng mga pinuno sa mas matatatag na pook. Ibinabalangkas nito ang layunin, organisasyon, at pamamaraan ng pagpapatakbo sa isang sangay.

# Ang Layunin ng Sangay



Noong panahon ng Kanyang ministeryo, binuo ni Jesucristo ang Kanyang Simbahan sa lupa. Pagkamatay Niya, ang mga kongregasyon ng mga sumasampalataya ay nagpulong upang sumamba; pag-aralan at ipamuhay ang Kanyang mga turo; at paglingkuran, bigyang-inspirasyon, at palakasin ang isa't isa. Ipinangako ng Tagapagligtas, "Sapagkat kung saan nagkakatipon ang dalawa o tatlo sa aking pangalan, ay naroroon ako sa gitna nila" (Mateo 18:20).

Sa ngayon ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay binuo sa mga kongregasyon. Ang maliliit na kongregasyon ay tinatawag na mga sangay, at bawat sangay ay pinamumunuan ng isang pangulo ng sangay. Kapag sinang-ayunan ng Panguluhan ng Pook, maaaring bumuo ng sangay ang isang pangulo ng misyon kapag hindi kukulangin sa dalawang miyembrong mag-anak ang naninirahan sa isang pook at isa sa mga miyembro ang nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec o isa siyang karapat-dapat na saserdote sa Pagkasaserdoteng Aaron. Ang karapat-dapat na tao ay yaong nakipagtipan sa Panginoon, gaya ng tipan ng binyag, at matiyagang nagpupunyaging masunod ang mga tipan na ito.

Ang pangulo ng misyon ang namamahala sa sangay, at sa kanya nananagot ang pangulo ng sangay. Kapag sapat ang bilang ng mga sangay na binuo at di-gaanong magkakalayo sa isa't isa sa

sakop ng isang misyon, maaaring buuin ng pangulo ng misyon, sa pahintulot ng Panguluhan ng Pook, ang mga sangay na ito sa isang distrito. Kapag ang sangay ay bahagi ng isang binuong distrito, ang pangulo ng sangay ay pinamamahalaan ng panguluhan ng distrito, na, sa kabilang dako, ay nag-uulat sa pangulo ng misyon.

Inihanda ng Simbahan ang gabay na aklat na ito upang tulungan ang mga pinuno ng sangay na matutuhan ang mga responsibilidad ng kanilang mga katungkulan at kung paano maisasakatuparan ang mga ito. Dapat tumulong ang lahat ng mga pinuno at iba pang mga miyembro ng Simbahan sa pagsasakatuparan ng misyon ng Simbahan, na anyayahan ang lahat ng tao na "lumapit kay Cristo, at maging ganap sa kanya" (Moroni 10:32). Upang maisakatuparan ang misyong ito, tinutulungan ng mga pinuno ang mga miyembro na:

- Ipahayag ang ebanghelyo ni Jesucristo sa bawat bansa, angkan, wika, at lahi. Ibahagi ang ebanghelyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng patotoo ayon sa pahiwatig ng Espiritu. Dapat magpatuloy ang mga misyonero sa pagtulong na maalalayan ang mga bagong binyag sa pagsisimula nila sa Simbahan.
- Gawing ganap ang mga Banal. Tulungan ang mga bagong binyag na umunlad sa Simbahan sa pamamagitan ng pagtiyak na mayroon silang kaibigan at takdang gawain at napangangalagaan sa salita ng Diyos. Tatanggap ng mga ordenansa at gagawin ang mga tipan ng ebanghelyo, magpupunyaging sundin ang mga kautusan gaya ng kanilang ipinangako, paglilingkuran ang kanilang kapwa, kakalingain ang mga dukha at nangangailangan, at kakaibiganin ang isa't isa upang maitayo ang komunidad ng mga Banal.
- Tubusin ang mga patay. Tukuyin ang mga namatay na ninuno at gampanan ang mga ordenansa sa templo para sa kanila hangga't maaari upang makapaghanda para sa kadakilaan ng mag-anak.

Ang gabay na aklat na ito ay makatutulong sa mga pinuno ng sangay, mga indibiduwal, at mga mag-anak na matutong mamuhay sa ilalim ng impluwensiya ng Espiritu Santo upang ang katuparan ng kanilang mga tungkulin sa Simbahan ay maging pribilehiyo at kagalakan. Dagdag pa sa gabay na aklat na ito, makatutulong din ang mga banal na kasulatan, *Gabay na Aklat ng mga Pinuno ng Pagkasaserdote* (31178 893), *Gabay na Aklat ng Mag-anak* (31180 893), *Gabay na Aklat sa Pagtuturo* (34595 893), *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (31110 893), *Gospel Fundamentals* (31129), *Impormasyon para sa mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan sa Kurikulum* (36363 893), at iba pang mga lathalain ng Simbahan.

# Panguluhan ng Sangay



Kapag bumubuo ng isang sangay, tumatawag at nagtatalaga ang pangulo ng misyon o distrito, sa pahintulot ng pangulo ng misyon, sa pamamagitan ng inspirasyon mula sa Panginoon, ng isang karapat-dapat na lalaking nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec upang maging pangulo ng sangay. Iginagawad ng pangulo ng misyon o distrito ang mga susi ng panguluhan sa pangulo ng sangay. Kung walang makitang karapat-dapat na lalaking nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec, maaaring tumawag at magtalaga ng isang karapat-dapat na saserdote bilang pangulo ng sangay.

Hangga't wala pang kahit dalawang miyembro sa sangay na nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec, ang pangulo ng sangay ang nangangalaga at nagpapalakas sa mga miyembro, madalas na dumadalaw sa kanilang mga tahanan bilang tagapagturo ng tahanan, nangangasiwa sa mga pulong sakramento, namamahala sa mga aktibidad ng sangay, at kumukumpleto sa mga ulat. Habang dumarami ang mga lalaki sa sangay na tumatanggap ng pagkasaserdote, maaaring tumawag ang pangulo ng misyon, sa ilalim ng patnubay ng Espiritu ng Panginoon, ng dalawang tagapayo sa pangulo ng sangay at

isang klerk upang tumulong sa mga talaan ng sangay. Ang pangulo at ang dalawa niyang tagapayo ang bumubuo ng panguluhan ng sangay.

Ang pangulo ng sangay ang pastol ng isang sangay, na namamahala nang may pagmamahal at kabaitan sa lahat ng miyembro ng sangay. Nagpapakita siya ng halimbawa sa paghahandog sa Panginoon bilang sakripisyo ng isang "bagbag na puso at nagsisising espiritu" (3 Nephi 9:20) at nagpapatotoo sa kabanalan ng Panginoong Jesucristo. Sa loob ng sangay, ang pangulo ng sangay:

- Ang namamahalang pinuno ng pagkasaserdote.
- Ang pangkalahatang hukom.
- Ang namamahala sa pagkalinga sa mga dukha at nangangailangan.
- Ang nangangasiwa sa pananalapi at talaan ng sangay.

Ang mga miyembro ng panguluhan ng sangay ang nangangalaga at nagpapalakas sa mga miyembro ng sangay, nangangasiwa sa mga pambungad na gawain ng mga pulong ng pagkasaserdote, namamahala sa Pagkasaserdoteng Aaron, at nangangasiwa sa mga pulong sakramento.

## Namamahalang Pinuno ng Pagkasaserdote

Bilang namamahalang pinuno ng pagkasaserdote, naipagkaloob na ang mga susi ng panguluhan sa pangulo ng sangay upang pamahalaan ang gawain ng Panginoon sa sangay. Siya ang namamahala, nangangalaga, at nagpapalakas sa lahat ng miyembro ng sangay, at nagtuturo sa kanila na managot sa kanilang mga katungkulan. Habang lumalaki ang bilang ng mga miyembro sa sangay, tinutulungan siya ng mga tagapayo sa panguluhan ng sangay, ng mga pinuno sa korum ng mga pagkasaserdote, at ng mga tagapagturo ng tahanan. Hinihikayat niya ang pangulo ng korum ng mga elder na tiyakin na nabigyan ng takdang gawain ang mga tagapagturo ng tahanan at laging nadadalaw ang bawat tahanan. Nakatutulong sa pangulo ng sangay ang paulit-ulit na mga ulat sa pagtuturo sa tahanan mula sa pangulo ng korum ng mga elder upang malaman ang mga pangangailangan ng mga miyembro.

Pinamamahalaan ng pangulo ng sangay ang mga korum, pantulong na samahan, at aktibidad sa sangay, na pinagtutuunan ng pansin ang mga



kabataang lalaki sa Pagkasaserdoteng Aaron at mga kabataang babaing kasinggulang nila. Siya ang pangulo ng Pagkasaserdoteng Aaron ng sangay. Sa pangangalaga sa mga kabataang lalaki at babae sa sangay na 12 hanggang 18 taong gulang, lagi niya silang kinakapanayam upang tulungan silang matuto at mamuhay ayon sa mga turo ng ebanghelyo at mapaghandaan nila ang kanilang kinabukasan. Binibigyang-diin niya ang paghahanda para sa misyon at mga full-time na misyon para sa mga kabataang lalaki at mga interesadong kabataang babae. Tinatawag niya ang mga kabataang lalaki upang pamunuan ang mga korum ng Pagkasaserdoteng Aaron. Tinatawag din niya ang mga miyembro upang pamunuan ang mga pantulong na samahan sa sangay (Samahang Damayan, Mga Kabataang Lalaki, Mga Kabataang Babae, Primarya, at Panlinggong Paaralan). (Tingnan ang *Gabay na Aklat para sa mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan* para sa karagdagang detalye tungkol sa mga pantulong na samahan.) Sa tulong ng kanyang mga tagapayo, tinatawag niya ang mga miyembro upang magturo sa mga klase at maglingkod sa iba pang katungkulan sa sangay. Lagi niyang kinakapanayam ang mga pinuno ng korum at pantulong na samahan upang makatanggap ng mga ulat sa kanilang mga tungkulin at upang makipagsanggunian sa kanila. Pinamamahalaan ng pangulo ng sangay ang mga pulong sakramento, pulong ng pagkasaserdote, at iba pang pulong sa sangay na dinadaluhan niya, maliban kung naroon ang isang miyembro ng panguluhan ng distrito o misyon, isang Awtoridad ng Pook na Pitumpu, o isang Pangkalahatang Awtoridad. Inaanyayahan ng pangulo ng sangay ang mga dumadalaw at namamahalang awtoridad na ito na umupo sa harapan. Sinisikap niyang mabuti na tiyakin na lahat ng pulong at aktibidad ay tumutulong sa mga miyembro na lumapit kay Cristo.

Pinamamahalaan ng pangulo ng sangay ang pagsasagawa ng karamihan sa mga ordenansa (tingnan sa *Gabay na Aklat ng Mag-anak*). Tinitiyak niya na ang bawat taong nagsasagawa ng ordenansa ay taglay ang kaukulang awtoridad ng pagkasaserdote, karapat-dapat, at sumusunod sa mga wastong pamamaraan. Sinasang-ayunan niya ang mga ordenasyon at pagsulong sa Pagkasaserdoteng Aaron. Matapos makipagsanggunian sa pangulo ng distrito o misyon, inirerekomenda niya ang mga miyembrong lalaki na makatanggap ng Pagkasaserdoteng Melquisedec at maordenan sa katungkulan ng elder. Sa pahintulot ng pangulo ng misyon, maaaring igawad ng pangulo ng distrito, pangulo ng sangay, o iba pang karapat-dapat na lalaking nagtataglay ng Pagkasaserdoteng

Melquisedec ang Pagkasaserdoteng Melquisedec at mag-orden ng mga elder.

## Pangkalahatang Hukom

Ang pangulo ng sangay ang pangkalahatang hukom ng mga miyembro ng sangay. Kinakapanayam niya sila upang hatulan ang kanilang pagiging karapat-dapat sa mga rekomendasyon sa templo, ordenasyon, ordenansa, katungkulan, at basbas ng patriyarka. Maaari niyang payuhan ang mga miyembro ng kanyang sangay na naghahangad ng espirituwal na patnubay.

Upang matulungan ang pangulo ng sangay sa kanyang mga responsibilidad bilang pangkalahatang hukom, ipinangangako ng Panginoon sa kanya ang kaloob na pagkakilala. Kung karapat-dapat siyang tanggapin ito, tutulungan siya ng kaloob na ito na malaman kung ano ang nasa puso ng isang tao. Tutulungan siya nitong malaman kung ano ang sasabihin at gagawin upang tulungan ang isang tao.

Kapag lumalabag ang mga miyembro ng Simbahan, maaari silang hikayatin ng pangulo ng sangay at tulungan silang magsisi kung ipagtatapat nila sa kanya at sa Panginoon ang kanilang mga kasalanan.

Kung nakagawa ng mabigat na kasalanan ang isang miyembro, maaaring kailanganin ang pormal na pagdisiplina ng Simbahan, kabilang na ang opisyal na pagsubok, pagpapawalang-karapatan, o pagtitiwalag. Nirerepaso ng pangulo ng sangay ang bagay na ito sa pangulo ng misyon, na siyang nagpapasiya kung kakailanganin ang isang kapulungang pangdisiplina. Sa ilalim ng pamamahala ng pangulo ng misyon, isang pangulo ng distrito o pangulo ng sangay na maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ang mamamahala sa isang kapulungang pangdisiplina. Pangangasiwaan ang mga kapulungang ito sa diwa ng pagmamahal. Nilayon ang mga ito upang tulungan ang nagkasala na magsisi at muling tamasahin ang lubos na mga pagpapala ng ebanghelyo.

Kung saserdote ang pangulo ng sangay, wala siyang awtoridad na maging pangkalahatang hukom. Sa ganitong kalagayan, ang pangulo ng misyon ang pangkalahatang hukom ng mga miyembro ng sangay.

## Pangangalaga sa mga Dukha at Nangangailangan

Tinuturuan ng pangulo ng sangay ang mga miyembro na magtiwala sa sariling kakayahan at mag-ambag ng mga handog mula sa ayuno upang tumulong sa pagtustos sa mga nangangailangan. May banal siyang responsibilidad na hanapin ang mga

karapat-dapat na dukha at nangangailangan sa sangay at gamitin ang mga handog mula sa ayuno upang tumulong sa pagkalinga sa kanila. Maaari siyang tulungan ng pangulo ng korum ng mga elder at ng pangulo ng Samahang Damayan.

Sa pagsunod sa mga patakaran ng Simbahan, ang pangulo ng sangay ang nagpapasiya kung paano gagamitin ang mga handog mula sa ayuno upang tumulong sa pagkalinga sa mga dukha at nangangailangan.

## Pangangasiwa ng Pananalapi at mga Talaan

Ang pangulo ng sangay ang tumatanggap at nananagot sa mga ikapu at handog na mula sa mga miyembro ng sangay. Pinamamahalaan niya ang paggamit at pamamahagi ng lahat ng pondo ng sangay, kinukumpleto ang taunang pagtutuos ng ikapu, at tinitiyak na tumpak na tumpak at napapanahon ang mga talaan at ulat ng sangay ayon sa mga patakaran ng Simbahan gaya ng itinatagubilin ng pangulo ng distrito o misyon. Hindi dapat gamitin ng sinumang pinuno sa anumang kadahilanan ang mga pondo ng Simbahan para sa pansariling kapakanan.

Tinitiyak niyang kumukulekta ang sangay ng buwanang mga handog mula sa ayuno sa maayos na paraan. Kapag nag-aayuno ang mga miyembro, hindi sila dapat kumain o uminom sa dalawang magkasunod na kainan at magbigay ng handog mula sa ayuno na katumbas ng halaga ng pagkain at inuming dapat sana nilang naubos.

Kapag saserdote ang pangulo ng sangay, ang pangulo ng misyon ang namamahala sa mga donasyon at gastusin ng sangay.

Kung kailan maaari, dapat tumawag at magsanay ang pangulo ng sangay ng isang klerk na maytaglay ng pagkasaserdote, nagbabayad ng buong ikapu, may matibay na patotoo sa ebanghelyo, at nagpapamalas ng pagkukusang sundin ang mga kautusan ng Panginoon. Tinitiyak ng pangulo ng sangay na sinusunod ng klerk ang patakaran ng Simbahan tungkol sa pangangasiwa ng mga pondo ng Simbahan.

# Pakikipanayam



Ang pakikipanayam ay pagpupulong sa pagitan ng isang pinuno at ng isa pang tao. Sa isang pakikipanayam, nagtatanong, nakikinig, nagtuturo, at nagpapayo ang pinuno sa isa pang tao. Ang mga pakikipanayam ay nagbibigay ng pagkakataon na makapagbahagi ng impormasyon o makapag-ulat tungkol sa takdang gawain o tungkulin ng isang tao. Nagbibigay din ang mga ito ng pagkakataong makapagbigay ng mga tagubilin at payo. Ang pakikipanayam ay magandang oras para maturuan ng isang pinuno ang mga miyembro ng mga doktrina, alituntunin, at kaugalian ng Simbahan, na ginagamit ang mga banal na kasulatan at turo ng mga propeta sa mga huling araw.

Kinakapanayam ng pangulo ng sangay ang mga batang magwawalong taong gulang upang malaman ang kahandaan nilang mabinyagan at mapagtibay na mga miyembro ng Simbahan kapag ang isa sa mga magulang ay miyembro ng Simbahan at kapwa mga magulang ay pumapayag sa binyag. (Kinakapanayam ng mga pinunong misyonero ang mga bibinyagan na siyam na taong gulang o higit pa at walong-taong-gulang na mga bata na ang mga magulang ay kapwa di-miyembro upang malaman kung

karapat-dapat ang bibinyagan para sa binyag at pagpapatibay.)

Kinakapanayam ng pangulo ng sangay ang mga miyembro ng sangay upang malaman kung karapat-dapat na makatanggap ng pagkasaserdote, maisulong sa pagkasaserdote, o makapaglingkod sa isang tungkulin sa Simbahan. Kinakapanayam ng pangulo ng sangay at pangulo ng misyon ang mga miyembro ng sangay upang malaman kung nararapat na tumanggap ng rekomendasyon sa templo. Makatutulong sa mga pinuno ang mga sumusunod na mungkahi na gawing mas kapaki-pakinabang at makabuluhan ang mga pakikipanayam.

1. Pumili ng isang tahimik na lugar kung saan walang makagagambala sa pakikipanayam.
2. Ipaalam sa tao kung bakit siya kakapanayamin.
3. Magtanong sa mapagmahal at tuwirang paraan.
4. Hayaang makapagtanong at makapagpahayag ng damdamin ang tao.
5. Makinig sa sasabihin ng tao.
6. Malinaw na ibigay ang payo, mga tagubilin, at takdang gawain.
7. Pasalamatan at hikayatin ang tao at, sa inspirasyong dulot ng Espiritu, magbigay ng patotoo, magbasa ng mga talata sa banal na kasulatan, at magkasamang manalangin. Tulungan ang tao na lumisan nang may lakas at pag-asa.
8. Maglaan ng sapat na oras para sa panayam upang hindi madama ng tao na siya ay minamadali.

Kapag kumakapanayam ng isang babae, dapat hilingin ng pangulo ng sangay sa isang lalaking nagtataglay ng pagkasaserdote na manatili sa kalapit na silid, sa bukana, o sa bulwagan, kung saan maaari.

# Pagtawag sa mga Miyembro Upang Maglingkod sa mga Tungkulin sa Simbahan



Kapag tumatawag ng mga miyembro upang maglingkod sa mga tungkulin sa Simbahan, dapat kapanayamin nang sarilinan ng mga pinuno ng pagkasaserdote ang bawat tao upang malaman kung karapat-dapat itong maglingkod; kung siya ay may kakayahan, pagnanais, at oras na gawin ang gawain ng katungkulan; at kung pahihintulutan ng kalagayan ng maganak nito na siya ay makapaglingkod.

Kung nadarama ng pinuno, sa pamamagitan ng inspirasyon, na ang tao ay angkop para sa tungkulin, hinihiling niya sa tao na tanggapin ang katungkulan, na nililinaw na ito ay mula sa Panginoon. Ipinaliliwanag niya nang simple ang mga tungkulin at pagpapala ng katungkulan at ipinaaalam sa tao na siya ay hahalinhan matapos ang angkop na panahon ng paglilingkod.

Bago tumawag ng isang babaing mayasawa sa isang tungkulin, dapat sumangguni ang pinuno sa asawa nito at tiyakin na susuportahan niya ito. Kapag tumatawag ng isang lalaki sa isang tungkulin, dapat tiyakin ng pinuno na susuportahan ito ng kanyang asawa. Dapat sangguniin ng pinuno ang mga magulang ng isang bata o kabataan bago ito tawagin upang maglingkod sa isang tungkulin sa Simbahan.

# Pagsang-ayon at Paghahalili



Kapag tumanggap ng mga tungkulin o oordenan ang mga miyembro sa mga tungkulin sa Pagkasaserdoteng Aaron, dapat silang pasang-ayunan ng isang miyembro ng panguluhan ng sangay sa mga paglilingkuran nila sa isang pulong sa Simbahan. Upang magawa ito, binabanggit ng opisyal na namamahala o nangangasiwa ang mga pangalan (sa isang pulong sakramento para sa mga katungkulan sa sangay, o sa isang klase o korum para sa klase o mga opisyal ng korum) at hinihiling sa mga bagong tawag na miyembro na tumayo habang sinasang-ayunan sila ng kongregasyon, klase, o korum. Ang taong bumabanggit ng mga pangalan ng mga sasang-ayunan ay maaaring magsabing:

"Tinawag namin si [sabihin ang pangalan ng tao] na maglingkod bilang [banggitin ang tungkuling iniatas sa taong ito] at iminumungkahi naming sang-ayunan siya sa tungkuling iyon. Maaaring ipakita ang pagsang-ayon sa pagtataas ng kamay. [Maghintay para makapagtaas ng kamay ang mga sumasang-ayon.] Ang mga hindi sumasang-ayon, kung mayroon man, ay maaaring ipakita ito sa pagtataas ng kamay. [Maghintay sandali para makapagtaas ng kamay ang mga hindi sumasang-ayon.]"

Maaaring kausapin nang sarilinan ng panguluhan ng sangay ang sinumang hindi sumasang-ayon. Dapat magtaas ng mga kamay nila ang mga miyembrong sinasang-ayunan bilang pagsang-ayon. Kung binabanggit ang mga pangalan ng dalawa o higit pang mga miyembro, maaari silang sang-ayunan bilang grupo.

Kapag hinahalinhan ang mga miyembro sa mga tungkulin sa Simbahan, kinakapanayam sila ng isang pinuno ng pagkasaserdote, taos-puso silang pinasasalamatan para sa kanilang paglilingkod, at ipinaliliwanag na dumating na ang oras upang sila ay halinhan. Sa pulong sakramento, ipinahahayag ng namamahala o nangangasiwang opisyal ang mga paghalili sa mga tungkulin sa sangay. Kapag hinahalinhan ang mga miyembro mula sa mga tungkulin sa klase o korum, ipinahahayag ng namamahala o nangangasiwang opisyal ang mga paghahalili sa pulong ng isang klase o korum. Sa pagpapahayag ng mga paghahalili, hinihiling ng mga pinuno sa mga miyembro na ipakita ang kanilang pasasalamat sa pagtataas ng kamay para sa paglilingkod ng bawat miyembrong hinahalinhan.

# Pagtatalaga ng mga Miyembro sa mga Tungkulin



Dapat maitalaga ang mga miyembrong tinawag sa mga tungkulin sa Simbahan bago sila magsimulang maglingkod (tingnan sa D at T 42:11). Sa ilalim ng pangangasiwa ng namamahalang awtoridad, maaaring lumahok ang isa o higit pang mga lalaki na maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec, kabilang na ang isang karapat-dapat na ama o asawa, sa pagtatalaga. Magaan nilang inilalagay ang kanilang mga kamay sa ulunan ng tao. Ang nagsasalita ay:

1. Tinatawag ang tao sa kanyang buong pangalan.
2. Binabanggit na itinatalaga niya ang tao sa pamamagitan ng awtoridad ng Pagkasaserdoteng Melquisedec.
3. Itinatalaga ang tao sa tungkuling iniatas sa kanya.
4. Nagbibigay ng basbas ayon sa patnubay ng Espiritu.
5. Nagtatapos sa pangalan ni Jesucristo.

Kapag nagtatalaga ng isang pangulo ng korum ng mga elder, guro, o diyakono, iginagawad ng pangulo ng misyon o sangay sa taong itinalaga ang mga susi ng panguluhan ng korum na iyon.

# Mga Ordenansa at Pagbabasbas



Ang mga ordenansa ng pagkasaserdote ay Banal na mga gawain na ibinigay ng Panginoon at isinasagawa ng awtoridad ng pagkasaserdote. Iginagawad ang mga basbas ng pagkasaserdote sa pamamagitan ng awtoridad ng pagkasaserdote para sa pagpapagaling, pag-aliw, at paghihikayat. Ang mga miyembrong lalaki na nagsasagawa ng mga ordenansa at pagbabasbas ay inihahanda ang kanilang sarili sa pamamagitan ng pamumuhay ayon sa mga alituntunin ng ebanghelyo at nagpupunyaging magabayan ng Espiritu Santo. Isinasagawa nila ang bawat ordenansa at pagbabasbas sa isang marangal na pamamaraan. Dapat isagawa ang bawat ordenansa at basbas:

1. Sa pangalan ni Jesucristo.
2. Sa awtoridad ng pagkasaserdote.
3. Sa anumang kinakailangang pamamaraan, tulad ng mga tiyak na salita o inilaang langis.
4. Saanman kinakailangan, ang mga ordenansa ay kailangang pahintulutan ng mga hinirang na pinuno ng pagkasaserdoteng nagtataglay ng mga angkop na susi. *Ang mga ordenansang nangangailangan ng awtorisasyon ng pinuno ng pagkasaserdote ay ang pagpapangalan at pagbabasbas ng mga bata, pagsasagawa ng pagbibinyag at pagpapatibay, paggagawad ng pagkasaserdote at pag-oordena sa isang tungkulin sa pagkasaserdote, pagbabasbas at pagpapasa ng sakramento, at paglalaan ng mga libingan.*

Tingnan sa *Gabay na Aklat ng Mag-anak* para sa tagubilin tungkol sa mga tiyak na ordenansa at pagbabasbas.

# Mga Responsibilidad ng Miyembro



Inaanyayahan ng mga pinuno ng Simbahan ang lahat ng miyembro ng Simbahan, saanman sila naninirahan, na suportahan ang misyon ng Simbahan sa pamamagitan ng pagtupad sa mga pangunahing responsibilidad, kabilang na ang (1) pagbabahagi ng ebanghelyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng patotoo ayon sa inspirasyong dulot ng Espiritu; (2) pagtulong sa mga tao at mag-anak na gawing ganap ang kanilang sarili sa kanilang paglalakbay tungo sa imortalidad at buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng pagpupunyaging sundin ang mga kautusan, paglingkuran ang kanilang kapwa, at pagtanggap ng mga ordenansa at tipan ng ebanghelyo; at (3) pagtulong sa mga tao at mag-anak sa kanilang paghahanap sa mga namatay na ninuno at panghihikayat sa kanila na tumanggap ng mga ordenansa sa templo. Sinusuportahan ng lahat ng miyembro ng Simbahan ang misyon ng Simbahan sa pamamagitan ng pagsasakatuparan ng mga responsibilidad na ito. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga responsibilidad na ito, tingnan sa *Gabay na Aklat ng Mag-anak*.

# Mga Pulong



Ang mga sangay kung saan ang pangulo ng sangay lamang ang nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec o isa siyang saserdote sa Pagkasaserdoteng Aaron ay nagdaraos ng pulong sakramento at pulong sa pagtuturo ng ebanghelyo tuwing Linggo para sa mga miyembro.

Ang mga sangay na may binuong korum ng mga elder ay nagdaraos ng mga sumusunod na pulong bilang karagdagan sa mga nabanggit sa naunang talata:

1. Pulong ng pagkasaserdote
2. Lingguhang pulong para sa mga kababaihan, mga kabataang babae, at mga bata
3. Pulong ng lupong tagapagpaganap ng pagkasaserdote
4. Pulong ng kapulungan sa sangay

Kung sapat ang bilang ng mga miyembro at may mga pinuno at lugar na mapagdarausan ng pulong, maaaring itigil ng sangay ang lingguhang pulong ng mga kababaihan, mga kabataang babae, at mga bata at maaaring magdaos ng mga sumusunod na pulong bilang karagdagan sa mga nakalista sa naunang talata:

1. Samahang Damayan
2. Pagkasaserdoteng Aaron (Mga Kabataang Lalaki)
3. Primarya

4. Panlinggong Paaralan
5. Mga Kabataang Babae
6. Mutwal, kung saan ang mga kabataang lalaking nasa edad ng Pagkasaserdoteng Aaron at mga Kabataang Babae na gayundin ang edad ay magkahiwalay o magkasamang nagpupulong sa isang gabi ng karaniwang araw o Sabado para sa mga aktibidad ng kabataan at tagubilin sa ilalim ng pamamahala at pangangasiwa ng panguluhan ng sangay.

## Mga Opsiyon para sa mga Iskedyul ng mga Panlinggong Pulong

Ang *Impormasyon para sa mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan sa Kurikulum* ay nagpapakita ng mga opsiyon para sa mga iskedyul ng mga panlinggong pulong.

## Gabing Pantahanan ng Mag-anak

Bawat mag-anak ay nagdaraos ng gabing pantahanan ng mag-anak sa kanilang sariling tahanan nang minsan sa isang linggo (tingnan sa *Gabay na Aklat ng Mag-anak*).

## Pulong Sakramento

Pinamamahalaan ng pangulo ng sangay ang pulong sakramento, kung kailan ang mga karapat-dapat na miyembrong lalaki na nagtataglay ng angkop na pagkasaserdote ay nagbabasbas at nagpapasa ng sakramento. Pinangangasiwaan ng isang miyembro ng panguluhan ng sangay ang pulong at sinisikap tiyakin na nagsisimula ito sa oras. Isang halimbawa ng talaan ng mga gagawin ang sumusunod:

1. Pagbati at pag-anyaya sa espiritu
2. Maiikling pabatid
3. Pambungad na himno at panalangin
4. Mga bagay-bagay na dapat ipaalam ng sangay
5. Himnong pangsakramento at pangangasiwa ng sakramento
6. Mga magsasalita tungkol sa mga paksa sa ebanghelyo ayon sa mga banal na kasulatan at mga turo ng mga apostol at propeta sa mga huling araw
7. Sa pagitan ng mga magsasalita, isang bilang ng kongregasyon o koro ng sangay, karaniwan ay isang himno mula sa himnaryo (opsiyonal)
8. Pangwakas na himno at panalangin

Minsan isang buwan, karaniwan ay sa unang Linggo, ang pulong sakramento ay isa ring pulong sa pag-aayuno at patotoo. Inaanyayahan ang mga miyembro na dumalo sa diwa ng pag-aayuno at panalangin matapos umiwas sa pagkain at pag-inom ng dalawang beses kung ipinahihintulot ng kanilang kalusugan.

Matapos mabasbasan at maipasa ang sakramento, nagbibigay ng kanyang patotoo kay Jesucristo at sa ebanghelyo ang miyembro ng panguluhan ng sangay na nangangasiwa sa pulong sa pag-aayuno at patotoo at inaanyayahan ang ibang miyembro na magbigay ng kanilang patotoo hanggang sa matapos ang pulong. Nagtatapos ang pulong sa isang himno at panalangin. Binabasbasan at ipinapasa ang sakramento sa bawat pulong sakramento (tingnan sa "Mga Ordenansa at Pagbabasbas" sa gabay na aklat na ito).

## Pulong ng Pagkasaserdote

Idinaraos ang pulong ng pagkasaserdote bago o matapos ang pulong sakramento. Pinangangasiwaan ng isang miyembro ng panguluhan ng sangay ang mga pambungad na gawain. Isang halimbawa ng adyenda ang sumusunod:

1. Pagbati at espirituwal na paghahanda
2. Maiikling pabatid at mga bagaybagay na dapat ipaalam
3. Pambungad na himno at panalangin
4. Paghihiwalay ng mga korum para pag-usapan ang mga bagay-bagay na dapat ipaalam at itagubilin
5. Pangwakas na panalangin sa mga korum

Kasunod ng mga pambungad na gawain, nagpupulong ang lahat ng kala-



lakihang nasa wastong gulang (19 at higit pa) sa pulong ng korum ng mga elder, na pinamamahalaan ng pangulo ng korum ng mga elder.

Nagpupulong ang lahat ng kabataang lalaki (12 hanggang 18 taong gulang) sa pulong ng korum ng Pagkasaserdoteng Aaron, na pinamamahalaan ng pangulo ng sangay. Kapag limitado ang mga silid na pagpupulungan at bilang ng mga miyembro, maaaring makipagpulong ang mga kabataang lalaki sa Pagkasaserdoteng Aaron sa mga kapatid sa Pagkasaserdoteng Melquisedec. Gayunpaman, kapag sapat ang bilang ng mga kabataang lalaki, at sapat ang bilang ng mga pinunong nasa wastong gulang at may mga silid na pagdarusan ng pulong, nagpupulong ang mga diyakono, guro, at saserdote sa kani-kanilang korum. (Tingnan sa *Gabay na Aklat ng mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan*.)

## Lingguhang Pulong ng mga Kababaihan, mga Kabataang Babae, at mga Bata

Sa maliliit na sangay na kakaunti ang magsasama-sama at magpupulong na mga miyembrong babae at mga bata para maghiwa-hiwalay sa mga pantulong na samahan, pinangangasiwaan ng pangulo ng Samahang Damayan ang mga pambungad na gawain. Maaaring kabilangan ang pulong ng:

1. Pagbati at espirituwal na paghahanda
2. Maiikling pabatid at mga bagay-bagay na dapat ipaalam
3. Isang pambungad na himno at panalangin
4. Mga himno at awitin ng mga bata
5. Tagubilin ng pangulo ng Samahang Damayan o paghihiwa-hiwalay sa mga klase
6. Pangwakas na panalangin

Kapag walang lugar para maghiwa-hiwalay sa mga pambungad na gawain sa maliliit na sangay, sama-samang nagpupulong ang mga kalalakihan, kababaihan, at mga bata para sa pinagsamang mga pambungad na gawain na pinangangasiwaan ng pangulo ng sangay.

Habang lumalaki ang sangay, maaaring makipagpulong ang mga kabataang babae (edad 12 hanggang 18) sa Samahang Damayan habang nagpupulong ang mga bata (edad 3 hanggang 11) sa ilalim ng pamamahala ng isang miyembrong babae na itinalaga ng pangulo ng sangay.

Kapag nabuo na ang Samahang Damayan, mga Kabataang Babae, Primarya, at Panlinggong Paaralan sa isang sangay, hiwa-hiwalay na nagpupulong ang Samahang Damayan at Mga Kabataang Babae tuwing Linggo kasabay ng pulong ng pagkasaserdote. Nagpupulong ang Panlinggong Paaralan matapos ang pulong ng pagkasaserdote. Idinaraos ang Primarya

kasabay ng mga pulong ng pagkasaserdote, Samahang Damayan, mga Kabataang Babae, at Panlinggong Paaralan. Sa unang kalahati ng oras idinaraos ang mga pambungad na gawain at oras ng pagbabahagi sa Primarya, at sa huling kalahati ng oras idinaraos ang pagtuturo ng klase. Sa mga pulong ng pantulong na samahan, nananalangin ang mga miyembro, umaawit ng mga himno, nagtuturo, at natututo ng ebanghelyo na ginagamit ang mga materyal na itinakda sa *Impormasyon para sa mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan sa Kurikulum*.

## Pulong ng Komiteng Tagapagpaganap ng Pagkasaserdote

Binubuo ng panguluhan ng sangay, klerk, kalihim na tagapagpaganap, pangulo ng korum ng mga elder, pangulo ng Mga Kabataang Lalaki sa sangay, at pinuno ng misyon sa sangay (kapag tinawag) ang komiteng tagapagpaganap ng pagkasaserdote sa sangay. Ang lupong ito ay nagpupulong hangga't kailangan upang pagtugmatugmain ang mga aktibidad, programa, at serbisyo sa sangay upang tiyakin na pinalalakas ng mga ito ang mga mag-anak at indibiduwal at natutugunan ang mga pangangailangan ng mga miyembro. Ang pangulo ng sangay ang namamahala. Tinatalakay at pinagtutugma-tugma ng komite ang mga responsibilidad ng pagkasaserdote tulad ng pagtuturo sa tahanan, gawaing pangmisyonero, at gawain sa templo at sa kasaysayan ng mag-anak.

## Pulong ng Kapulungan sa Sangay

Ang pangulo ng sangay, klerk, kalihim na tagapagpaganap, pangulo ng korum ng mga elder, pangulo ng Mga Kabataang Lalaki sa sangay, at pinuno ng misyon sa sangay (kapag tinawag); mga pangulo ng Samahang Damayan, Mga Kabataang Babae, Primarya, at Panlinggong Paaralan; at ang tagapag-ugnay sa pagpapahusay ng guro sa sangay ay nagpupulong bilang kapulungan sa sangay. Sa mga pulong na ito hinahangad ng kapulungan na espirituwal na mapalakas ang mga tao at mag-anak; tulungan sila sa paghahandang matanggap ang mga ordenansa sa templo; paghusayin ang pagpapanatili ng mga bagong binyag; ituro ang mga alituntunin ng pagkalinga sa mga dukha; pag-ugnayin ang mga programa, aktibidad, at serbisyo sa sangay; at lutasin ang mga problema sa sangay. Tinatalakay ng pangulo ng Samahang Damayan ang mga pangangailangan ng mga kababaihan, mga kabataang babae, at mga bata sa sangay kapag wala pang nata-



wag na mga pangulo ng mga Kabataang Babae at Primarya. Nag-aanyaya ang pangulo ng sangay ng mga ideya at mungkahi at tinutulungan ang iba na lubos na makilahok sa mga talakayan, pagpapasiya, at pagpaplano. Maingat niyang isinasaalang-alang ang kanilang mga mungkahi sa paggawa ng mga plano at pag-aatas ng mga takdang gawain.

# Mga Lugar na Pagdarausan ng Pulong



Idinaraos ang mga gabing pantahanan ng mag-anak sa mga tahanan ng mga miyembro. Ang iba pang pulong ng sangay ay idinaraos sa isang tahanan, isang inuupahang gusali, o isang gusaling pag-aari ng Simbahan. Maaaring magbigay ng impormasyon ang panguluhan ng misyon tungkol sa pagtatamo at pagpapanatili ng isang lugar na pagdarausan ng pulong para sa sangay. Maaari ding magbigay ng impormasyon ang mga pinuno tungkol sa pag-upa ng isang lugar na pagdarausan ng pulong at sa mga katangian para sa pagtatayo ng isang gusaling pag-aari ng Simbahan.

# Mga Materyal na Mapagkukunan




Naglalathala ang Simbahan ng mga materyal na mapagkukunan upang tulungan ang mga miyembro na matutuhan at maipamuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo. Nabibilang sa mga materyal na ito ang mga banal na kasulatan, mga manwal ng mga aralin, ang *Liahona*, sining ng ebanghelyo, at mga gabay na aklat. Ang mga materyal ng Simbahan ay batay sa mga banal na kasulatan at mga salita ng mga propeta sa mga huling araw. Ang mga materyal para sa sangay ay kinabibilangan ng mga *pangunahin* o *pangkalahatang* materyal sa kurikulum o isang pagsasama ng dalawa (tingnan sa *Impormasyon para sa mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan sa Kurikulum*). Kung may makukuhang *Liahona*, dapat magkaroon ng suskrisyon ang bawat mag-anak sa sangay.

Taun-taon nagpapadala sa sangay ang tanggapan ng pook o sentro ng pamamahagi ng mga manwal ng mga aralin, iba pang mga materyal na mapagkukunan, at impormasyon tungkol sa pag-order ng mga karagdagang kopya o iba pang inaprubahang mga materyal.

Ang mga pinuno ng sangay ang magtatago ng mga materyal na mapagkukunan sa gusali kung saan idinaraos ang mga pulong ng sangay o sa tahanan ng isang miyembro. Dapat ipaalam ng mga pinuno sa mga miyembro na naririyan ang mga materyal at da-

pat hikayatin ang paggamit sa kanila para sa paghahanda ng mga aralin at pananalita at para sa pansariling pag-aaral. Maaaring bigyan ang mga guro ng mga manwal sa klase o korum, ngunit dapat silang hikayating ibalik ang mga ito sa sangay o purok matapos silang halinhan bilang mga guro.

# Mga Aktibidad



Sa ilalim ng pamamahala ng mga pinuno ng sangay, nagpaplano at nagsasagawa ng mga aktibidad ang sangay na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro. Gayunpaman, hindi dapat makipagpaligsahan ang mga aktibidad ng sangay sa mga aktibidad ng mag-anak o makaabala sa buhay ng mag-anak. Hindi dapat maging magastos ang lahat ng aktibidad upang maiwasang hindi maisama ang sinuman dahil sa halaga. Anumang gastusin ng pondo ay nangangailangan ng pahintulot ng panguluhan ng sangay. Ang mga aktibidad na nakaplano para sa Linggo ay dapat umangkop sa araw ng Sabbath. Dapat ay walang aktibidad na nakaplano para sa mga gabi ng Lunes dahil nakalaan ang mga ito para sa gabing pantahanan ng mag-anak.

# Musika



Ang mga himno ng Simbahan at iba pang naaangkop na musika, tinugtog man o inawit, ay mahalaga sa mga pulong ng Simbahan, sa mga tahanan, at sa pansariling buhay. Matatagpuan ang angkop na musika sa *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo*, *Mga Himno*, *Aklat ng mga Awiting Pambata*, at *Mga Himno at mga Awiting Pambata*, na makukuha sa ilang wika. Maaaring makuha ang pagsasanay at mga teklado sa musika para sa mga naglilingkod o maglilingkod sa katungkulang pang-musika sa hinaharap.

# Mga Talaan at Ulat

Inutusan ng Panginoon ang Simbahan na mag-ingat ng mga talaan. Ang apat na uri ng talaan, na nilayon upang tulungan ang mga pinuno na suportahan ang mga miyembro at pinaglaanan ng mga pormularyo, ay ang:

- Mga talaan ng pananalapi (mga ambag ng miyembro at buwanang ulat sa pananalapi).
- Mga ulat sa pag-unlad ng miyembro (pagdalo ng miyembro at katungkulan sa pagkasaserdote ng mga bagong binyag).
- Mga talaan ng mga miyembro (impormasyon sa miyembro, kabilang na ang mga ordenansa).
- Mga talaan sa kasaysayan (pagsang-ayon sa mga opisyal at talaan ng mga aktibidad).

Sa pag-iingat ng mga talaan at paghahanda ng mga ulat na ito, dapat sundin ng pangulo ng sangay ang mga tagubilin ng pangulo ng misyon. Maaari siyang tumawag ng isang klerk ng sangay upang mag-ingat ng mga talaan.

Sa ilalim ng pamamahala ng pangulo ng misyon, itinuro sa mga pinuno ng sangay ang kahalagahan at gamit ng mga talaan at ulat at kailangan nilang itala ang mahahalagang kaganapang pangkasaysayan sa sangay o purok. Dapat maingat na bantayan ng mga nangangasiwa ng mga banal na talaang ito ang mga kompidensyal na impormasyon sa mga talaan ng Simbahan.

# Pananalapi



Binibigyan ng Panginoon ang bawat miyembro ng Simbahan ng pagkakataong makatanggap ng saganang pagpapala sa pamamagitan ng pagbabayad ng mga ikapu at handog at pagbibigay ng iba pang donasyon. Nagbabayad ng ikasampung bahagi ng kanilang kita ang mga miyembro bilang ikapu. Dagdag pa rito, inaanyayahan silang mag-ayuno sa loob ng dalawang kainan bawat buwan tuwing Linggo ng ayuno at ibigay ang halaga ng mga pagkaing ito sa Simbahan para kalingain ang mga dukha at nangangailangan sa sangay. Gayundin, inaanyayahan ang mga miyembro na magbigay ng pondo sa Simbahan para sa gawaing pangmisyonero, pagtatayo ng mga templo, at iba pang mga gawain ng Simbahan.

Kung maaari, dalawang miyembrong lalaking nagtataglay ng pagkasaserdote ang dapat magbukas ng mga sobreng kinapapalooban ng mga ikapu, handog, at iba pang donasyon, magkumpleto ng mga resibo, at magdeposito ng pera o ingatan ito tulad ng itinagubilin ng pangulo ng misyon.

# Pagsasanay sa mga Pinuno




Tinuturuan ng mga pinuno ng pagkasaserdote ng misyon ang mga pinuno ng pagkasaserdote ng sangay kung paano pamunuan ang sangay, isakatuparan ang mga pangunahing responsibilidad ng pagkasaserdote, at tulungan ang mga miyembro na gamitin ang pagkasaserdote sa kanilang buhay. Nagbibigay din ang mga pinuno ng pagkasaserdote ng misyon ng patnubay para sa mga pinuno ng pantulong na samahan sa sangay sa pagtupad ng kanilang mga responsibilidad.

Tinitiyak ng mga pinuno ng pagkasaserdote ng misyon na bawat sangay ay may mga materyal na kinakailangan upang matagumpay na mapatakbo bilang isang yunit ng Simbahan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pamumuno, tingnan sa *Gabay na Aklat ng mga Pinuno ng Pagkasaserdote at Pantulong na Samahan*.

# Pagkuha ng mga Materyal ng Simbahan at Paghahanap ng Impormasyon Tungkol sa Kasaysayan ng Mag-anak

Makukuha ng mga lokal na pinuno at iba pang miyembro ang mga materyal ng Simbahan, kabilang na ang mga banal na kasulatan, kursong pag-aaralan, magasin ng Simbahan, garment, at kasuotan sa templo, mula sa kanilang sentro ng pamamahagi ng Simbahan o *service center*, mula sa Salt Lake Distribution Center, o sa pamamagitan ng opisyal na Internet site ng Simbahan, na matatagpuan sa www.lds.org.

Makukuha ang impormasyon tungkol sa gawaing kasaysayan ng mag-anak sa Internet site ng Simbahan tungkol sa kasaysayan ng mag-anak, na matatagpuan sa www.familysearch.org.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02311 79893 3
31179 893